◇ **Automobile Tax**

Ang Automobile Tax ay buwis na ipinapataw sa mga taong nagmamay-ari ng kotse simula Abril 1 ng bawat taon.

Ang halaga ng buwis ay binabatay sa uri ng sasakyan at kapasidad ng makina.

Bukod pa rito, dapat mabayaran ang Automobile Tax bago ang itinakdang deadline (karaniwan ay sa katapusan ng Mayo) na nasa notipikasyon sa pagbabayad ng buwis na ipinadala ng prefectural tax office tuwing simulang bahagi ng Mayo.

Ang mga magaang sasakyan at motorsiklo ay sasailalim sa Light Vehicle Tax (Municipal Tax).

◇ **Halagang ng buwis**

| Kategorya ng sasakyan \ Taunang halaga (yen) | | Pampribado | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Standard tax rate | | Dagdag na tax | Bawas na tax |
| | | Mga bagong kotse na narehistro bago ng Setyembre 2019 | Mga bagong kotse na narehistro pagkatapos ng Oktubre 2019 | | |
| Mga pampasaherong sasakyan | Mga electric vehicle (kabilang ang mga may fuel cell) | 29,500 | 25,000 | | 6,500 |
| | Total na displacement: 1 ℓ o mas mababa | 29,500 | 25,000 | 33,900 | 6,500 |
| | Total na displacement: Higit sa 1 ℓ ~ 1.5 ℓ o mas mababa | 34,500 | 30,500 | 39,600 | 8,000 |
| | Total na displacement: Higit sa 1.5 ℓ ~ 2 ℓ o mas mababa | 39,500 | 36,000 | 45,400 | 9,000 |
| | Total na displacement: Higit sa 2 ℓ ~ 2.5 ℓ o mas mababa | 45,000 | 43,500 | 51,700 | 11,000 |
| | Total na displacement: Higit sa 2.5 ℓ ~ 3 ℓ o mas mababa | 51,000 | 50,000 | 58,600 | 12,500 |
| | Total na displacement: Higit sa 3 ℓ ~ 3.5 ℓ o mas mababa | 58,000 | 57,000 | 66,700 | 14,500 |
| | Total na displacement: Higit sa 3.5 ℓ ~ 4 ℓ o mas mababa | 66,500 | 65,500 | 76,400 | 16,500 |
| | Total na displacement: Higit sa 4 ℓ ~ 4.5 ℓ o mas mababa | 76,500 | 75,500 | 87,900 | 19,000 |
| | Total na displacement: Higit sa 4.5 ℓ ~ 6 ℓ o mas mababa | 88,000 | 87,000 | 101,200 | 22,000 |
| | Total na displacement: Higit sa 6 ℓ | 111,000 | 110,000 | 127,600 | 27,500 |

**◇ Mga paraan ng pagbabayad para sa Automobile Tax**

① Pagbabayad ng buwis gamit ng smartphone payment app

Maaaring bayaran ang buwis na ito gamit ng smartphone payment app mula sa pag-scan ng eL-QR (Electronic Local QR) sa ilalim ng selyo ng petsa ng resibo sa payment slip (receipt notification).

Pumunta sa "Local Tax Payment Site" para makita ang mga maaaring gamitin na smartphone payment app.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta dito (maaring magbayad ng buwis gamit ng smartphone payment app).

② Pagbayad ng buwis gamit ng credit card

Maaaring magbayad ng buwis gamit ng credit card mula sa pag-access sa "Local Tax Payment Site" sa online at pag-scan sa eL-QR (Local Tax Unified QR Code) na matatagpuan sa ilalim ng selyo ng petsa ng resibo sa payment slip (receipt notification).

Sisingilin ang System Usage Fee (babayaran ng nga user) ayon sa halaga ng buwis na binayaran.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta dito (ang pagbabayad ay ginagawa gamit ng "Local Tax Payment Site").

③ Pagbabayad ng buwis sa mga convenience store

Maaaring magbayad ng buwis sa mga sumusunod na convenience store sa buong bansa. Ang mga transaksyon dito ay cash lang.

Seven-Eleven, Family Mart, Ministop, Lawson, Daily Yamazaki, atbp.

Mga tindahang may MMK (mga supermarket, botika, atbp. kung saan mayroong MMK)

Pumunta dito para sa karagdagang detalye.

④ Pagbabayad ng buwis sa mga pinansyal na institusyon at tanggapan ng mga prefectural tax office.

Maaaring magbayad ng buwis sa mga institusyong pinansyal o sa mga tanggapan ng mga prefectural tax office. Ang mga transaksyon dito ay cash lang.

Pumunta dito para sa mga pinansyal na institusyon kung saan maaring magbayad ng buwis.

※Nakatakdang baguhin ang pangalan ng Local Tax Payment Site upang maging ang "eL Payment Site" sa Setyembre 2026.

**◇ Pakikipag-ugnay**

Para sa mga katanungan tungkol sa Automobile Tax, makipag-ugnayan sa amin dito.
Para sa mga katanungan tungkol sa mga pagbabayad ng buwis, pumunta dito.
Ipaalam sa amin ang iyong pangalan, tirahan, numero ng rehistrasyon ng inyong sasakyan, atbp. sa panahon ng inyong pakikipag-ugnay.

※Maaring gamitin ang website ng Tax Department (para sa impormasyon tungkol sa (Automobile Tax at pagbabayad ng buwis) o ang chatbot .